

Pagpapakilala ng Medikal na Interpretasyon

Ipinakikilala ng Mie International Exchange Foundation (MIEF) ang programang 「Medical Partner System」 kung saan maaring magpakilala ng mga medical interpreters para maging mapanatag ang sinumang nagnanais magpatingin sa ospital. Ang lahat ay maaring gumamit ng sistemang ito.

Wikang may interpretasyon

Portuges • Espanol • Filipino • Intsik • Ingles

※Ang mga interpreters na ito ay mga taong nakapagtapos ng "Medical interpretation training program" na sinuportahan ng Prepektura ng Mie. Ito ay isinagawa ng MIEF kung saan ang mga interpreters ay kumuha ng eksaminasyon para mapasali sa listahan ng medical partners kayat sila ay may sapat na kaalaman sa larangan ng medikal interpretasyon, husay sa pagsasalin ng wika at may tamang pag-uugali. Huwag mabahala dahil mahigpit na sinusunod ng mga interpreters ang kompidensyalidad ng programang ito.



Pangunahing nilalaman ng interpretasyon

Tanong pang-medical at check-up, sintomas at paliwanag tungkol sa resulta ng medikal na eksaminasyon, paraan ng pag-inom ng gamot, paliwanag tungkol sa operasyon at mga proseso sa pagpasok at paglabas ng ospital.



Interpretasyong medikal na isinagawa sa check-up para sa bata

Paraan ng aplikasyon

Tumawag at mag-apply sa MIEF limang araw bago ang araw ng pagpapa check-up. Magtatanong ang staff ng mga detalye kaya't ihanda ang mga impormasyong kinakailangan katulad ng pangalan ng ospital, departamento at araw at oras ng pagpunta sa ospital. Para sa aplikasyon mula sa mga medikal na institusyon, sulatan ang papel na nasa likod 「Iryou Partner Shoukai Iraisho」 at ipadala sa pamamagitan ng fax o e-mail.

Bayad sa interpretasyon

Bayad sa interpreter : ¥3,000 para sa 2 oras na interpretasyon, kapag lumagpas sa oras ¥1,500 ang bayad kada oras.

Bayad sa transportasyon ng interpreter: ¥1,000 (fixed amount)

※Kung ang request ay mula sa mga medikal na institusyon, hinihiling na bayaran ang processing fee na ¥2,000 (¥1,000 para sa mga miyembrong tumatangkilik sa MIEF)

Para sa Aplikasyon at mga Katanungan



Mie International Exchange Foundation (MIEF)

〒514-0009 Mie-ken Tsu-shi Hadokoro-cho 700 UST-Tsu Bldg. 3F

TEL: 059 (223) 5006 FAX: 059 (223) 5007